## Certificate in Biblical Studies
## CBS400 Ang Mga Hari

### CBS406 Mga Hari ng Judah

**Conrad Jun Tolosa**

Nang pumanaw na si Rehoboam, nagkaroon ng maraming hari ang Judah, at bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng kani-kaniyang pamumuno na maaaring ituring na mabuti o masama batay sa kanilang pagsunod sa Diyos at kung paano nila pinamunuan ang kanilang kaharian.

1. **Abijah** (913-911 BC). Ang anak ni Rehobowm na naging masamang hari sapagkat siya ay sumunod sa mga kasalanan ng kanyang ama at hindi nagpakita ng buong katapatan sa Diyos.
2. **Asa** (911–870 BC). Naging mabuting hari dahil sa isinagawa niyang religious reforms at pagsisikap na mapalakas ang Judah spiritually at ganon din ang kanyang hukbong militar. Winasak niya ang mga diyus-diyosan, at pinutol ang mga Asherah poles at pinanumbalik ang mga Israelita sa pagkikipagtipan sa Diyos nang buong puso at kaluluwa.
3. **Jehoshaphat** (870–849 BC). Nakilala bilang isang mabuting hari dahil sa kanyang dedikasyon sa mga religious reforms at ang kanyang pagsusumikap na maturuan ang mga Israelita patungkol sa pamumuhay na may pagtitiwala sa Diyos. Pinalakas ang hukbo, itinatag ang hustisya, at pinanatili ang pagsamba sa Diyos. Nakipag-alyansa sa Israel na naging sanhi ng ilang problema.
4. **Jehoram ng Judah** (Joram) (849–842 BCE). Isang masamang hari sapagkat siya ay sumamba sa mga diyus-diyosan at kay Baal dahil sa impluwensya ni Athaliah na anak nila Ahab at Jezebel at pinatay ang kanyang mga kapatid.
5. **Ahaziah** (842–841 BCE). Masamang hari na sumunod sa kasamaan ng kanyang ina na si Athaliah at sumamba rin sa mga diyus-diyosan.
6. **Athaliah** (841–835 BCE). Isang masamang reyna na naghari ng pitong taon. Pinatay niya ang mga potensyal na tagapagmana ng trono, at nagpalaganap ng pagsamba sa Baal.
7. **Joash** (Jehoash) (835–796 BCE). Nagsimula sa mabuting pamumuno sa ilalim ng impluwensya at patnubay ng pari na si Jehoiada. Ang malaking achievement niya ay ang pagpapanumbalik ng Temple sa Jerusalem. Subalit nang mamatay si Jehoiada, naligaw si Joash sa kanyang pamamahala sapagkat nakinig siya sa mga advisors na nagdala sa kanya sa pagsamba sa mga diyos-diyosan.
8. **Amaziah** (796–767 BCE). Mabuti ang pamumuno sa simula sapagkat siya'y nagsimula na may pananampalataya sa Diyos at nanalo sa labanan sa Edom. Subalit ang huling bahagi ng kanyang pamumuno ay naging masama sapagkat siya ay sumamba sa mga diyus-diyosan mula sa Edom.
9. **Uzziah** (767–740 BCE). Mabuti sa panimula ang kanyang pamumuno sa patnubay ni Propeta Zechariah. Napalakas niya ang hukbong militar ng Judah at napabuti ang kanilang economic situation. Subalit dahil sa kanyang kapangyarihan, naging mayabang si Uzziah at sinubukan niyang gampanan ang tungkulin ng mga pari. Dahil dito, siya ay nagkasakit ng ketong.
10. **Jotham** (740–732 BCE). Naging mabuting hari na kinilala sa kanyang katapatan sa Diyos. Sinundan niya ang yapak ng kanyang ama na si Uzziah, sa mabubuting bagay at pinatibay niya ang mga lungsod at pagtatayo ng pintuan para sa templo ng Panginoon.
11. **Ahaz** (732–716 BCE). Isang masamang hari dahil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at nag-alay ng kanyang anak sa apoy, at hindi nagtiwala sa Diyos sa panahon ng krisis.

12. **Hezekiah** (716–687 BCE). Mabuting hari na gumawa ng malaking reporma sa relihiyon, ibinalik ang pagsamba sa Diyos at sinira ang mga diyus-diyosan. Buong tapat ang pagtitiwala ni Hezekiah sa Diyos at walang hari sa Judah ang maitutulad sa kanya. Siya ay mapanalangin at laging umaasa sa gabay ng Diyos lalo na sa panahon nang humarap ang Jerusalem sa crisis. Nang siya ay magkasakit na halos ikamatay niya, dininig ng Diyos ang kanyang panalangin at siya ay pinagaling at dinagdagan pa ng labinglimang taon ang kanyang buhay.
13. **Manasseh** (687–643 BCE). May pinakamahabang taon ng paglilingkod bilang hari. Sa simula ay masama ang kanyang pamumuno sapagkat siya ay sumamba sa mga diyos-diyosan, gumawa rin siya ng maraming kasamaan at dinala ang mga Israelita sa makasalanang pamumuhay. Niloob ng Diyos na siya ay mabihag ng mga Assyrians. Sa kanyang pagkakabihag, natuto siyang magpakumbaba at manalangin sa Diyos at pagsisihan ang kanyang mga kasalanan. Pinanumbalik niya ang mga Israelita sa pagsamba sa Diyos.
14. **Amon** (643–641 BCE). Sinundan niya ang masamang gawain ng kanyang ama na si Manasseh, subalit hindi nagsisi sa kanyang mga kasalanan, at siya ay pinaslang ng kanyang sariling mga opisyal.
15. **Josiah** (Josias) (641–609 BCE). Mabuting hari na kilala sa kanyang malawak na religious reforms, inayos ang templo, ginawang centralisado ang pagsamba sa Jerusalem, ibinalik ang Paskwa, at tinanggal ang mga diyus-diyosan.
16. **Jehoahaz** (Joachaz) (609 BCE) Naghari lamang ng 3 buwan na masama ang pamumuno. Siya ay pinalitan agad ni Paraon Necho II kaya hindi siya nagkaroon ng pagkakataon para magpakita ng kabutihan.
17. **Jehoiakim** (609–598 BCE). Isang masamang hari na naglingkod bilang bilang vassal ng Ehipto at Babilonia. Hindi siya sumunod sa mga utos ng Diyos, at pinabayaan ang kaharian.
18. **Jehoiachin** (598–597 BCE). Naglingkod bilang hari sa loob ng 3 buwan lamang. Dahil sa kanyang kasamaan bilang hari, sila ay nabihag ng Babilonia at dinala sa pagkakatapon.
19. **Zedekiah** (Mattaniah) (597–586 BCE). Tiyuhin ni Jehoiachin na itinalagang hari ni Nebuchadnezzar II, ang hari ng Babylon. Nang magrebelde si Zedekiah laban sa Babylon, ang hukbo ni Nebuchadnezzar ay nagkampo sa labas ng Jerusalem sa loob ng labing walong buwan. Ito ay nauwi sa matinding taggutom at pagdurusa sa loob ng siyudad. Nilusob ng Babylonia ang mga pader ng Jerusalem na humantong sa pagkabihag ng buong lungsod. Ang Templo ay winasak at ang nakararaming populasyon ay na-exile sa Babylon.

Sa buhay ng mga hari ng Judah, maraming mahalagang aral ang maaaring matutuhan. Narito ang ilan sa mga ito:

1. **Pagsunod sa Diyos at Pagiging Matapat:**
    - Ang mga hari tulad nina Asa, Jehoshaphat, at Hezekiah ay nagpakita ng malaking katapatan sa Diyos, nagdala ng mga reporma, at nagsikap na sundin ang mga utos ng Diyos. Dahil dito, nakaranas sila ng biyaya at tagumpay sa kanilang pamumuno. Ang pagsunod sa Diyos ay nagdadala ng pagpapala.
    - Asa: 2 Chronicles 14:2-7
    - Jehoshaphat: 2 Chronicles 17:3-6
    - Hezekiah: 2 Kings 18:5-7
2. **Pagsisisi at Pagbabalik-loob:**
    - Ang kwento ni Manasseh ay isang magandang halimbawa ng kapangyarihan ng pagsisisi.

Sa kabila ng kanyang maraming kasamaan, nang magsisi si Manasseh, tinanggap siya ng Diyos at binigyan ng pagkakataong magbago. Ipinapakita nito na ang tunay na pagsisisi ay nagdudulot ng kapatawaran at pagbabago ng buhay.

- Manasseh: 2 Chronicles 33:12-13

3. **Pagpapakumbaba:**
    - Ang pagkamayabang ni Uzziah na nagtulak sa kanya na subukan ang tungkulin ng mga pari ay nagturo ng aral sa kanya at sa iba pa. Ang pagpapakumbaba ay mahalaga, at ang kayabangan ay nagdadala ng pagkawasak. Dapat malaman ng bawat isa ang kanyang lugar at tungkulin.
    - Uzziah: 2 Chronicles 26:16-21
4. **Pag-iwas sa mga Diyus-diyosan:**
    - Maraming hari ang naligaw dahil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan, tulad nina Ahaz at Amon. Ang pagsamba sa mga diyus-diyosan ay nagdudulot ng kapahamakan at pagkawala ng tunay na pananampalataya. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng eksklusibong pagsamba sa tunay na Diyos.
    - Ahaz: 2 Kings 16:2-4
    - Amon: 2 Chronicles 33:22-23
5. **Paggawa ng Mabuti sa Gitna ng Kahirapan:**
    - Sa kabila ng mga pagsubok at krisis, ang mga hari tulad nina Hezekiah at Josiah ay nagpatuloy sa paggawa ng mabuti at nagtiwala sa Diyos. Nagpakita sila ng tapang at pananampalataya kahit sa gitna ng mga hamon. Ang pagtitiwala sa Diyos sa lahat ng pagkakataon ay nagdudulot ng tagumpay at katiwasayan.
    - Hezekiah: 2 Chronicles 32:1-8
    - Josiah: 2 Chronicles 34:1-3, 2 Kings 23:25
6. **Pangunguna sa Reporma at Pagbabago:**
    - Ang mga repormang isinagawa nina Asa, Jehoshaphat, Hezekiah, at Josiah ay nagpakita ng kahalagahan ng pamumuno sa pagbabago. Ang mabuting pamumuno ay nagsusulong ng kabutihan at pag-unlad sa lipunan. Ang mga pinuno ay dapat maging halimbawa ng kabutihan at pangunguna sa tama.
    - Asa: 2 Chronicles 14:2-5
    - Jehoshaphat: 2 Chronicles 19:4-11
    - Hezekiah: 2 Chronicles 29:1-11
    - Josiah: 2 Kings 23:1-25
7. **Pagkilala sa Impluwensya ng Iba:**
    - Ang mga hari tulad nina Joash at Manasseh ay naapektuhan ng mga taong nakapaligid sa kanila. Ipinapakita nito na ang impluwensya ng mga kasama at tagapayo ay mahalaga. Ang mga pinuno ay dapat pumili ng mabubuting tagapayo at huwag hayaang dalhin sila ng masamang impluwensya.
    - Joash: 2 Chronicles 24:17-18
    - Manasseh: 2 Chronicles 33:9
8. **Pagkilala sa Kahinaan at Pagpapanibago:**
    - Ang buhay ni Hezekiah ay nagpakita na kahit ang mga mabubuting hari ay may kahinaan. Sa kabila ng tagumpay ni Hezekiah, naging mayabang siya at ipinakita ang kanyang kayamanan sa mga sugo ng Babilonia, na nagdulot ng kapahamakan. Mahalaga ang pagpapanatili ng mapagkumbabang puso at patuloy na paghingi ng gabay sa Diyos.
    - Hezekiah: 2 Kings 20:12-19, 2 Chronicles 32:24-26

Ang mga hari ng Judah ay nagkaroon ng iba't ibang antas ng pagsunod at hindi pagsunod sa Diyos, na nagdulot ng iba't ibang kapalaran para sa kanilang kaharian.

Ang mga aral na ito mula sa buhay ng mga hari ng Judah ay nagbibigay ng mahahalagang gabay sa pamumuno, pananampalataya, at personal na buhay. Ang pagsunod sa Diyos, pagpapakumbaba, pagsisisi, at paggawa ng mabuti ay nagdadala ng tunay na tagumpay at kapayapaan.

***Multiple Choice:***

1. 2 Chronicle 14:2-7; 17:36; 2 Kings 18:5-7 Alin sa mga statements ang hindi tugma sa mga Bible references na nabanggit?
   a. Inutos ni Asa sa mga taga-Judah na sumunod sa kagustuhan ni Yahweh, ang Diyos ng kanilang ninuno, at tuparin ang Kanyang kautusan at mga tuntunin.
   b. Pinalibutan ni Asa ang mga pader ng lungsod ng mga matatapang na kawal ng Judah bilang paghahanda sa paglusob ng mga taga-labas.
   c. Sina Haring Asa, Jehoshaphat at Hezekiah ay nagpakita ng pananalig at katapatan sa Diyos.
   d. Siniguro ni Jehoshaphat na kung mayroon pa siya at si Haring Ahab na mapagtatanungang propeta patungkol sa gagawin nilang pagsalakay sa Ramot-Gilead.
   e. Ginawa nila Haring Asa at Hezekiah ang mabuti at kalugod-lugod sa paningin ni Yahweh na kanilang Diyos.

2. 2 Chronicles 26; 2 Chronicles 33. Alin sa mga statements ang hindi tama?
   a. Si Haring Uzziah ay tanyag at makapangyarihang leader dahil sa kanyang sariling kakayahan.
   b. Si Haring Uzziah ay naging kalugod-lugod kay Yahweh tulad ni Haring Amazaiah.
   c. Nilapastangan ni Haring Uzziah ang Diyos sa pamamagitan ng paghahandog ng insenso.
   d. Si Haring Manasseh ay sumamba sa mga diyus-diyosan at iniligaw ang mga taga-Judah at inakay sa kasamaan.
   e. Niloob ng Diyos na mabihag ng hukbo ng hari ng Assyria si Haring Manasseh sa kanyang mga masamang gawain.
   f. Ang pagsuway sa Diyos ay may kalakip na parusa ngunit ang nagpapakumbaba at humihingi ng saklolo sa Kanya ay dinidinig Niya.

3. 2 Chronicles 32; 2 Chronicles 34. Alin sa mga statement ang hindi tama?
   a. Pinaghandaan ni Haring Hezekiah ang paglusob ni Haring Sennacherib na hari ng Assyria at pinalakas niya ang loob ng lahat ng kanyang mga kasamahan.
   b. Ipinagmayabang ni Hezekiah ang mga nalikom niyang maraming material na kayamanan, mga hayop at pagkain.
   c. Kinutya ng mga kawal ni Sennacherib si Haring Hezekiah at lahat ng tao ng Judah at nilapastangan din nila ang Diyos.
   d. Nanalangin at nagsumamo sa Diyos sina Hezekiah at Propeta Isaiah upang humingi ng tulong laban sa mga Assyrians.
   e. Bagamat bata pa si Josiah nang maghari sa Judah, siya ay naglingkod ng tapat sa Diyos. Winasak niya ang mga diyos-diyosan at mga altar ng Baal.

4. 2 Chronicles 14; 2 Chronicles 19; 2 Chronicles 29. Alin sa mga statement ang hindi tama? Ang reporma at pagbabago ay may kinalaman sa?
   a. Pagpapagiba ng mga altar at rebulto ng mga diyus-diyosan at pag-alis ng mga bahay sambahan.
   b. Pagtatalaga ng mga sarili at paglilinis ng Templo sa Diyos. Pag-aalis ng mga karumal-dumal na mga bagay sa banal na dako.
   c. Pagtitipon ng mga leaders ng bayan upang bigyan ng direksyon sa tamang paghahanda sa sarili sa paglilingkod sa Diyos.
   d. Lahat ng statements ay may kinalaman sa reporma at pagbabago.
   e. Ang lahat ng statements ay hindi tama.

5. 2 Chronicles 24; 2 Chronicles 33:1-17. Alin sa mga statements ang hindi tama.
   a. Ang pakikinig at pagsunod sa maka-Diyos na mga tao ay magdadala sa atin sa tamang pamumuhay sa harap ng Diyos.
   b. Nang pabayaan ng mga pinuno ng Juda ang kanilang Templo at sumamba sila sa mga diyos-diyosan, bumagsak ang galit at parusa ng Diyos sa mga taga-Judah at mga taga-Jerusalem.
   c. Hindi sumunod si Manasseh sa yapak ng kanyang ama na si Hezekiah sapagkat siya ay sumasangguni sa mga espiritu ng namatay na at mga manghuhula.
   d. Nang humingi ng saklolo si Manasseh sa Diyos, huli na ang lahat sapagkat hindi na siya muling nakapaghari sa Judah.

© July 2024 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.